Mas Ligtas kung Sama-sama:

Gabay sa mga karapatan at proteksyon para sa LGBTIQA+ sa Australya at lutruwita/Tasmania

Ang LGBTIQA+ ay tumutukoy sa magkakaiba-ibang kasarian at oryentasyong sekswal, at mga likas na pagkakaiba ng mga katangian ng kasarian. I-scan ang QR code o bisitahin ang www.agmc.org.au/resources-support/lgbtiq_terminology upang mas marami pang malaman tungkol sa LGBTIQA+ terminolohiya sa iyong wika.

Sa Australya, labag sa batas na tratuhin ang isang tao nang hindi patas o masama dahil sa kaniyang sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian, o mga katangian ng kasarian. Ang rasismo (o ang masamang pagtrato ng tao dahil sa kanilang kulay ng balat o bansang pinanggalingan) at xenophobia ay labag din sa batas. Sa kasamaang palad, ang mga ganitong uri ng diskriminasyon ay nangyayari pa rin sa kabila ng mga batas.

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya tungkol sa mga legal na proteksyon, kung saan maa-access ang suporta at kung paano magreklamo kung ikaw ay tinrato nang may diskriminasyon.

Mga legal na karapatan at proteksyon sa Australya at Tasmania:

1. Labag sa batas ang diskriminasyon dahil sa oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian, likas na pagkakaiba sa mga katangian ng kasarian, lahi at iba pa. Ang mga proteksyon na ito ay saklaw ng Anti-Discrimination Act 1998 (Tas), ng Human Rights (Sexual Conduct) Act at ng Sex Discrimination Amendment Act 2013.

2. Ang mga nasa hustong gulang na may mga relasyon na magkapareho ng kasarian (same-sex) at magka-iba ng kasarian (opposite-sex) ay may pantay na karapatan bilang mga 'de facto' na mag-asawa. May karapatan silang magparehistro ng isang relasyon, magpakasal at magkaanak sa pamamagitan ng panganganak, pag-ampon at surrogacy. Ang mga karapatang ito ay saklaw ng iba't ibang mga batas kabilang ang Relationships Act 2003 (Tas), Adoption Act 1988 (Tas), at Marriage Amendment Act 2017.

LGBTIQA+ Ally (Kaalyado)

- Ang mga Ally ay mga taong maaaring hindi kinikilala ang kanilang sarili bilang LGBTIQA+ ngunit sumusuporta at naninindigan para sa mga taong LGBTIQA+ sa komunidad.
- Ito ay maaaring ikaw, na sumusuporta sa iyong pamilya at mga kaibigan upang ma-access ang tulong, o tumitindig para sa kanila kapag sila ay nahaharap sa diskriminasyon.
- Napakahalaga para sa lahat na turuan ang kanilang sarili tungkol sa mga isyu at hamon na kinakaharap ng mga taong LGBTIQA+ at magsikap na maging aktibong tagasuporta.

Suporta para gumawa ng reklamo:

- Maaari kang mag-ulat ng diskriminasyon sa Equal Opportunity Tasmania.
- Migrant Resource Centre Tasmania (buong estado) at
- Ang Working It Out (sa buong estado) ay maaari ka ring suportahan upang makapagreklamo anuman ang iyong visa o migration status.

Mga serbisyo ng suporta:

Working It Out: libreng impormasyon, suporta at serbisyong adbokasya para sa lahat ng LGBTIQA+ at kanilang mga pamilya. Buong estado. www.workingitout.org.au

Equal Opportunity Tasmania: pinangangasiwaan ang Anti-Discrimination Act (Tas) para sa sinumang nakatira o bumibisita sa Tasmania. www.equalopportunity.tas.gov.au

QLife: hindi kailangang magpakikilala at libreng LGBTIQA+ peer support at referral para sa mga tao sa buong Australya. Ang QLife ay maaaring gumamit ng interpreter. Maaaring ma-access ng lahat ng tao ang QLife anuman ang estado ng kanilang visa at migrasyon. www.qlife.org.au

LGBTIQA+ Police Liaison Officers: nagbibigay ng pribadong payo at suporta sa LGBTIQA+ hinggil sa mga krimen at pagkakasala, at titiyaking ang mga ulat sa pulisya ay angkop na naaaksyunan. www.police.tas.gov.au/what-we-do/lgbti-liaison-officers

Tasmanian Refugee Legal Service: nagbibigay ng ligal na suporta sa sinuman sa Tasmania na gustong mag-apply ng protection visa dahil sa pagiging LGBTIQA+. www.trls.org.au

Migrant Resource Centre Tasmania: nagbibigay ng kumpidensyal na suporta sa paninirahan (settlement) para sa mga indibidwal, pamilya at kabataan. www.mrctas.org.au

Ang programang ito ay sinusuportahan ng:

Sidney Myer Fund

PRIDE FOUNDATION AUSTRALIA

migrant resource centre TASMANIA

WIO working it out